



L.A. Care
Medi-Cal



Gabay sa Bagong Miyembro ng Medi-Cal sa 2025

Talaan ng MGA NILALAMAN

| | |
|---|----|
| Mensahe mula sa L.A. Care..... | 1 |
| Alamin ang Tungkol sa Iyong Medi-Cal Plan..... | 2 |
| Pagsisimula bilang isang Miyembro..... | 3 |
| Mga Tampok ng Benepisyo..... | 8 |
| Pangangalaga sa Paningin..... | 10 |
| Mga Karagdagang Paraan Para Kumuha ng Pangangalaga..... | 11 |
| Alamin ang Iyong Mga Pagpipilian sa Pangangalaga..... | 12 |
| Mga Mapagkukunan na Available para sa Iyo..... | 14 |
| Mga Karagdagang Mapagkukunan..... | 16 |
| Pag-renew ng Medi-Cal..... | 18 |
| Tulong sa Pag-renew ng CRC..... | 19 |
| Paano Ma-access ang Mga Materyales ng Miyembro..... | 20 |
| Mahahalagang Numero at Manatiling Konektado..... | 21 |
| Abiso sa Hindi Pandidiskrimina..... | 22 |
| Tulong sa Wika..... | 24 |



Minamahal na Miyembro,

Binabati ka namin sa pagsali sa L.A. Care Health Plan (L.A. Care). Mahalaga sa amin ang iyong kalusugan at narito kami para tumulong sa iyo na makuha ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo. Ito ang iyong Welcome Packet ng Bagong Miyembro, kasama rito ang mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo sa plano, mga materyales ng miyembro at makakatulong na mga mapagkukunan tulad ng:

- Ang Gabay ng Bagong Miyembro
- Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal
- Isang naka-print na kopya ng Direktoryo ng Provider
- Card ng Wika para sa tulong sa paghingi ng mga serbisyo ng interpreter
- Isang magnet na may mahahalagang numero ng telepono para magamit kapag kailangan mo ng tulong

Sa L.A. Care, nakatuon kami sa pagsuporta sa iyong kalusugan nang higit pa sa mga oras ng karamdaman. Ang aming layunin ay tulungan kang makamit at mapanatili ang iyong pinakamahasag na kalusugan.

Narito kami para sa iyo sa mga panahon ng pangangailangan, nag-aalok ng isang hanay ng mga serbisyo para suportahan ang iyong mga layunin sa kalusugan, tulad ng:

- Paghingi sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan para matulungan kang manatiling malusog
- Ipinapaalala sa iyo na ipa-iskedyul ang iyong Paunang Appointment sa Kalusugan sa iyong PCP
- Pagbibigay sa iyo ng mga tip sa kalusugan at pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga programa para matulungan kang pamahalaan ang iyong kalusugan
- Pag-update namin sa iyo sa mga pagbabago sa iyong mga benepisyo

Kung mayroon kang anumang tanong, may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan o kailangan mo ng tulong sa pagtatakda ng mga serbisyo, tutulungan ka namin. Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang mga tawag na ito.

Tawagan mo kami kung kailangan mo ang impormasyon sa paketeng ito sa ibang wika o format (malaking titik o audio).

Muli, binabati ka namin sa pagsali sa L.A. Care!

Taos-puso,
L.A. Care Health Plan

Alamin ang TUNGKOL SA IYONG MEDI-CAL PLAN

Medi-Cal

- Ang Medi-Cal ay bersyon ng California ng programa ng pangangalagang pangkalusugan ng Medicaid.
- Ang Medi-Cal ay nagbibigay ng libre o murang saklaw ng pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng California anuman ang katayuan sa imigrasyon, na may limitadong kita na makatutugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, kabilang ang mga alituntunin sa kita.

Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal at L.A. Care Health Plan

- Ang Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ay isang organisadong sistema para matulungan ang mga miyembro na makakuha ng de-kalidad na pangangalaga at manatiling malusog.

- Tumutulong ang mga planong pangkalusugan ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal sa mga miyembro na makahanap ng mga doktor, parmasya, at mga programa sa edukasyon sa kalusugan.
- Nag-aalok din ng pagsasaayos ng pangangalaga ang mga planong pangkalusugan ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal, mga referral sa mga espesyalista, 24 na oras na mga serbisyo sa telepono para sa payo ng nars at tulong sa Mga Serbisyo sa Miyembro na available nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (kasama ang mga holiday).
- Ang L.A. Care Health Plan ang pinakamalaking plano ng Medi-Cal sa California na nagbibigay ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal na naninirahan sa Los Angeles County.
- Sa L.A. Care Health Plan, tumatanggap ka ng tulong na kailangan mo para mahanap ang tamang mga programa sa doktor, parmasya, at edukasyon sa kalusugan na makikinabang sa iyong pangkalahatang kalusugan.

Pagsisimula bilang isang MIYEMBRO NG L.A. CARE

Bilang Isang Bagong Miyembro, Narito ang Ilang Makakatulong na mga Ti



TIP 1: Repasuhin ang iyong Handbook ng Miyembro

Ang Handbook ng Miyembro ay isang buod ng mga tuntunin at patakaran ng L.A. Care, at nakabatay sa kontrata sa pagitan ng L.A. Care at ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS). Naglalaman ang iyong Handbook ng Miyembro ng mahahalagang impormasyon tungkol sa L.A. Care:

- Ang iyong mga karapatan at pananagutan
- Mga mahahalagang numero ng telepono
- Mga saklaw na benepisyo at serbisyo
- Paano palitan ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP)

Sasabihin din nito sa iyo kung paano maa-access ang:

- Pang-iwas, agaran at pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan
- Mga espesyal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa karaniwan at pang-iwas na pangangalaga
- Tulong sa wika at mga interpreter
- Mga benepisyo sa parmasya at kung paano mo makukuha ang gamot na iyong kailangan
- Mga serbisyo sa transportasyon na hindi pang-medikal at hindi pang-emergency
- Mga programa sa pamamahala sa pangangalaga at pamamahala sa sakit
- 24 na Oras na Nurse Advice Line

Kasama sa paketeng ito ang isang Handbook ng Miyembro.

Maaari mo ring mahanap ang Handbook ng Miyembro sa iyong wika sa lacare.org/members/handbook o maaari kang humiling ng naka-print na kopya ng iyong Handbook ng Miyembro sa alinman sa mga available na wika sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**.



TIP 2: Web Page ng Mga Materyales ng Miyembro

Suriin ang mahahalagang dokumento ng miyembro sa lacare.org/members/documents/Medi-Cal.

Dito mo mahahanap ang sumusunod na mahalagang impormasyon at mapagkukunan na makakatulong sa iyong makuha ang pangangalagang kailangan mo:

- Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal
- Welcome na Gabay ng Bagong Miyembro
- Taunang Gabay ng Miyembro
- Direktoryo ng Provider
- ID Card ng Medi-Cal
- Medi-Cal Rx
- Brochure at Liham ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan

Ina-update taun-taon at naka-post sa website ang mga materyales ng miyembro ng Medi-Cal. Bawat taon makakatanggap ka ng naka-print na kopya ng Taunang Gabay sa Pagkoreo pero makukuha lang ang handbook ng miyembro sa elektronikong paraan online. Hindi ipapadala sa koreo ang naka-print na kopya ng handbook ng miyembro maliban kung hiniling.


Maaari mo ring ma-access ang mga sumusunod na materyales at mga mapagkukunan sa elektronikong format:

- Mga Suporta sa Komunidad: lacare.org/members/community-supports
- Pahina ng Pag-renew ng Miyembro ng Medi-Cal: lacare.org/health-plans/Medi-Cal/renewals
- Direktoryo ng Provider: lacare.org/members/documents/Medi-Cal
- Formulary ng Gamot sa Parmasya (sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx): lacare.org/members/getting-care/pharmacy-services
- Mga Brochure/Mga Liham ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan: lacare.org/members/getting-care/routine-exams
- Paghahanap ng Provider ng Kalusugan ng Pag-uugali sa pamamagitan ng Carelon Behavioral Health sa plan.carelonbehavioralhealth.com/find-a-provider

TIP 3: Suriin ang Iyong ID Card ng Miyembro

Hiwalay ding ipapadala sa koreo ang iyong ID card ng miyembro.

Kasama sa iyong ID card ang sumusunod na impormasyon:



Harap



Likod

1. Ang pangalan ng iyong planong pangkalusugan:
L.A. Care Health Plan
2. Numero ng iyong **ID ng miyembro**
3. Iyong **Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP)**
at kanyang numero
4. Iyong **Grupong Medikal** (kung mayroon ka)
5. Numero ng telepono ng **Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care** at iba pang mahahalagang impormasyon at numero ng telepono

Mangyaring dalhin palagi ang iyong ID card ng miyembro sa lahat ng oras. Laging tandaan na ipakita ang iyong ID card ng miyembro tuwing makakakuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi mo nakuha ang iyong ID card ng miyembro o mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

TIP 4: Mag-iskedyul ng Paunang Appointment sa Kalusugan sa Iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) sa Lalong Madaling Panahon

Ang iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) ay ang iyong pangunahing doktor at ang unang taong pupuntahan mo kapag may problema ka sa kalusugan. Tinitiyak nila na makukuha mo ang tamang pangangalaga sa tamang lugar at sa tamang oras.

Mahalaga ang mga regular na pagpapatingin sa iyong PCP para matulungan kang manatiling malusog. Kahit wala kang sakit, hinihiling namin sa lahat ng bagong miyembro na magpatingin sa kanilang PCP sa loob ng unang 1–3 buwan ng pagsali sa L.A. Care para sa paunang appointment sa kalusugan (Initial Health Appointment, IHA).

Ang layunin ng IHA ay tulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.

Sa panahon ng iyong IHA, ang iyong PCP ay:

- Kikilalanin ka at ipakikipag-usap ang tungkol sa iyong kalusugan
- Aalamin ang iyong medikal na kasaysayan
- Bibigyan ka ng pisikal na pagsusuri
- Bibigyan ka ng impormasyong pangkalusugan at mga serbisyong maaaring kailanganin mo
- Tutulungan kang maunawaan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan
- Tuturuan ka sa mga paraan para mapabuti ang iyong kalusugan o tulungan ka para manatili kang malusog

Makakatanggap ka ng liham ng IHA sa koreo. Makakatanggap ka rin ng Form ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Form, HIF) sa pamamagitan ng koreo. Isa itong maikli, sampung tanong na survey sa kalusugan na hinihiling namin sa lahat ng bagong miyembro na kompletuhin.

Ginagamit namin ang impormasyong ito para matulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo.

Maaari kang makatanggap ng tawag mula sa amin na nagpapaalala sa iyo na sagutan ang form na ito at mag-iskedyul ng iyong paunang appointment sa kalusugan.



TIP 5: Maghanap ng Provider sa pamamagitan ng Paggamit ng Aming Online na Tool na 'Find a Doctor or Hospital (Maghanap ng Doktor o Ospital)'

Lagi mong tandaan, may karapatan kang baguhin ang iyong PCP anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng L.A. Care at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung pipili ka ng bagong PCP, siya ang magiging PCP mo sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong magawa ang pagbabago.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, maaari kang tumawag sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**, gumawa ng isang account ng L.A. Care Connect, o maaari mong gamitin ang aming online na tool na Find a Doctor or Hospital (Maghanap ng Doktor o Ospital) sa lacare.org.



Direktoryo ng Provider

Kapag ginagamit ang online na tool, sundin ang mga hakbang na ito:



1. Piliin ang **Medi-Cal**
2. Pumili mula sa mga sumusunod: **"Lokasyon, Detalye ng Provider at/o Saklaw at Mga Kinakailangan sa Pangangalaga"**
3. Maaari kang maghanap ng **Mga Provider** na may ilang filter kabilang ang, pero hindi limitado sa:
 - **Lokasyon**
 - **Pagiging Naa-access ng Pasilidad**
 - **Detalye ng Provider** — kasarian
 - **Pangalan ng Provider**
 - **Wika** na ginagamit ng Provider
 - **Network**
 - **Espesyalidad**
4. Piliin ang **"Find a Provider (Maghanap ng Provider)"**
Makakahanap ka rin ng PCP sa aming direktoryo ng provider na kasama sa packet na ito.



TIP 6: Alamin ang Tungkol sa Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali Available para sa Iyo

Mahalaga ang iyong Kalusugan ng Isip. Alam Mo Ba Na:

- ❖ **1 sa 5 nasa hustong gulang** ay nakakaranas ng mga karamdaman sa pagkabalisa sa anumang oras
- ❖ **8.8% ng mga nasa hustong gulang sa US** ay nabubuhay na may matinding depresyon
- ❖ **60% ng mga kabataan** na may matinding depresyon ay hindi nakakakuha ng kinakailangang pangangalaga¹

Samantalain ang Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali na bahagi ng iyong mga benepisyo. Kabilang dito ang paggamot para sa parehong kalusugan ng isip at mga sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, tinitiyak na maaari kang makakuha ng suportang kailangan mo, kapag kinakailangan mo ito.

Ibinibigay ng L.A. Care ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng mga provider ng pangunahing pangangalaga, Mga Espesyalista sa Kalusugan ng Pag-uugali mula sa Carelon Behavioral Health, Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip (Department of Mental Health, DMH) ng Los Angeles County, at Departamento ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) ng Los Angeles County.

Ang Carelon Behavioral Health ay ang vendor ng L.A. Care na mayroong network ng mga provider na nag-aalok ng Mga Walang Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Non-Specialty Mental Health Services, NSMHS) sa mga miyembro ng L.A. Care Medi-Cal. Ibinibigay ang mga serbisyong ito nang wala kang babayaran.

Bukod pa rito, hindi nangangailangan ng paunang paghintulot ang mga serbisyong nakalista, para mas madali kang makakakuha ng pangangalaga.

Kasama sa Mga Serbisyo ng NSMHS ang:

- ❖ **Pagsusuri at paggamot** sa kalusugan ng isip, kabilang ang psychotherapy para sa indibidwal, grupo, at pamilya.
- ❖ **Psychological** at neuropsychological na eksaminasyon, kapag ipinabatid ng klinika para suriin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- ❖ **Mga serbisyo para sa outpatient** para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy gamit ang gamot.
- ❖ **Psychiatric** na konsultasyon.
- ❖ **Laboratoryo**, mga gamot, supply at suplemento para sa outpatient.

Para makahanap ng provider ng Carelon, maaari kang tumawag sa **1.877.344.2858 (TTY 1.800.735.2929)** o gamitin ang kanilang feature na Online Provider Lookup sa pamamagitan ng pagbisita sa plan.carelonbehavioralhealth.com/find-a-provider.

Ang mga miyembro ng L.A. Care na nahihirapan sa mga malubhang hamon sa kalusugan ng isip ay maaaring makakuha ng tulong sa pamamagitan ng DMH para sa Mga Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Specialty Mental Health Services, SMHS).

Maaaring kabilang ang SMHS, pero hindi limitado sa indibidwal at panggrupong therapy, suporta sa gamot, pamamahala ng kaso, interbensyon sa krisis, suporta sa kaedad, pagpapaospital, at iba pang serbisyo sa rehabilitasyon.

Para makuha ang mga serbisyong ito, tumawag sa **1.800.854.7771**. Ang tulong ay isang tawag lamang sa telepono.

¹ *Mental Health America. (2024). Pangkalahatang Data ng Kalusugan ng Isip. mhnational.org/mentalhealthfacts. Na-access noong Oktubre 9, 2024.*



TIP 7: L.A. Care Connect at My Health in Motion™ (ang iyong mga online na portal ng kagalingan para sa miyembro)

L.A. Care Connect

Para mapadali ang iyong karanasan, maaari kang gumawa ng online na account ng miyembro sa L.A. Care Connect para sa mga impormasyon at serbisyo. Ang L.A. Care connect ang iyong online na portal ng miyembro.

- ❖ Gumawa ng account online sa pamamagitan ng pagbisita sa members.lacare.org o sa pamamagitan ng pag-click sa button na member sign in sa kanang bahagi sa itaas ng landing page ng lacare.org.
- ❖ Kakailanganin mo ang iyong numero ng ID ng miyembro at isang balidong email address para makagawa ng account (ang iyong numero ng ID ng miyembro ay nasa iyong ID card ng miyembro).
- ❖ Para ma-access ang bawat hakbang na **Gabay sa Pagpaparehistro**, mangyaring bisitahin ang members.lacare.org.

Gamit ang iyong account sa L.A. Care Connect, maaari mong:

- ❖ **I-print** o **tingnan** ang iyong ID card ng miyembro para magamit sa tanggapan ng iyong doktor o sa parmasya
- ❖ **Tingnan** ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang pagiging kwalipikado
- ❖ **Kahilingan** na palitan ang iyong PCP
- ❖ **I-chat** nang live kasama ang nars sa oras na maginhawa para sa iyo
- ❖ **Mag-access ng higit pang Serbisyo nang 24/7:** maghanap ng doktor, hanapin ang Direktoryo ng Provider, o makipag-ugnayan sa amin — magagawa ang lahat sa pagpindot sa button
- ❖ **Kumonekta sa My Health in Motion™** para sa mga programang pinasadya para sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan

Maglulunsad ang L.A. Care ng isang pinahusay na portal para sa miyembro sa 2025 para gawing mas madali ang pamamahala sa iyong pangangalagang pangkalusugan kaysa dati.

Manatiling nakatutok para sa mga update sa mga bagong feature na idinisenyo para bigyan ka ng mabilis at maginhawang access gaya ng:

- ❖ **Pagbabago** ng iyong doktor sa pangunahing pangangalaga, klinika, o grupong medikal
- ❖ **Pag-access** sa iyong mga benepisyo ng plano
- ❖ **Pagkumpleto**, pagtingin at pag-update ng iyong form sa Pagtatasa sa Panganib sa Kalusugan
- ❖ **Pagtingin sa** mga katayuan ng awtorisasyon na nasa malapit at sa oras ding iyon para sa mga awtorisasyon sa L.A. Care
- ❖ **Pagtingin at pag-update** ng iyong impormasyon sa demograpiko

My Health in Motion™

Pangasiwaan ang iyong kalusugan at damdamin ang iyong pinakamahasag na pakiramdam dahil sa lahat-ay-bago na My Health In Motion™ (MyHIM) na online na portal ng kagalingan.

Tuklasin ang mga sumusunod na feature sa bagong site ng MyHIM:

- ❖ **Bago at Pinadali:** Subukan ang bagong hitsura ng site na may nakakatuwa at simpleng mga feature.
- ❖ **Pagtatasa ng Kagalingan ng Katawan:** Kumuha ng mabilisang pagsusuri sa kalusugan at makuha ang sarili mong ulat.

- ❖ **Mga Interaktibong Workshop:** Masiglang pakikibahagi sa mga online na workshop sa kalusugan.
- ❖ **Koneksyon ng Device:** Ikonecta ang mga tracker ng kalusugan tulad ng Fitbit para sa tuloy-tuloy na karanasan.
- ❖ **Ekspertong Pagtuturo Para sa Kalusugan:** Humingi ng tulong mula sa aming programang pagtuturo para sa kalusugan.
- ❖ **Impormasyon sa Pamamagitan ng Iyong Mga Kamay:** Galugarin ang isang library na puno ng impormasyong pangkalusugan.

I-access ang MyHIM anumang oras, kahit saan — mula sa isang computer, telepono, Mga Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care, at maging sa Pamublikong Librarya.

Handa na para makapagsimula:

1. Pumunta sa lacare.org at i-click ang **“Member Sign In (Pag-Sign-In ng Miyembro)”**
2. I-click ang tab na **“My Health In Motion™”** at simulang gawin ang iyong profile

Kung kailangan mo ng tulong, ang aming mga coach sa kalusugan ay available sa **1.855.856.6943**.



TIP 8: Tawagan ang Nurse Advice Line para sa mga tanong na may kaugnayan sa kalusugan

Maaari kang tumawag sa Nurse Advice Line para sa tulong sa anumang tanong na may kaugnayan sa kalusugan para mapangalagaan mo ang iyong sarili o ang iyong pamilya. Tutulungan ka ng mga nars sa iyong sariling wika nang wala kang babayaran at handang tumulong sa iyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Maaari kang kumonekta sa isang nars sa virtual na paraan sa pamamagitan ng live chat, mula sa iyong online na account ng miyembro ng L.A. Care Connect o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.800.249.3619 (TTY 711)**.

Para malaman ang higit pa tungkol sa Nurse Advice Line at ang mga karagdagang serbisyo na available sa pamamagitan ng programang ito bisitahin ang

lacare.org/members/getting-care/nurse-advice-line



L.A. CARE MEDI-CAL Mga Tampok ng Benepisyo

Matatagpuan ang higit pang detalye tungkol sa iyong mga benepisyo sa Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal na makikita online sa:

lacare.org/members/documents/Medi-Cal.

*Buod lamang ito.

Nagbibigay ang L.A. Care Health Plan ng komprehensibong hanay ng mga benepisyo sa kalusugan.

MAKAKAKUHA KA NG MAS MARAMING BENEPISYO NANG WALA KANG BABAYARAN



Ambulatory at Pangkalahatang Mga Benepisyo at Serbisyo

- ⌘ Doktor ng Pangunahing Pangangalaga at Mga Pagpapatingin sa Espesyalista
- ⌘ Mga Operasyon sa Outpatient
- ⌘ Agarang Pangangalaga at Mga Nagtitinging Klinika
- ⌘ Mga Serbisyo sa Laboratoryo at X-ray
- ⌘ Mga Bakuna sa Trangaso at Iba Pang Inirekomendang Bakuna
- ⌘ Pagsusuri at Pagpapabakuna para sa COVID-19
- ⌘ Pangangalaga sa Pagbubuntis at sa Bagong Silang
- ⌘ Pangangalaga sa Panganganak at Pagkatapos Manganak

- ⌘ Mga Serbisyo ng Nars at Kumadrona
- ⌘ Mga Serbisyo ng Doula
- ⌘ Mga Serbisyo sa Bata (Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic at Paggamot)
- ⌘ Podiatry (Paggamot sa mga Sakit sa Paa)
- ⌘ Chiropractic
- ⌘ Mga Therapy na Paggamot
- ⌘ Dialysis/Hemodialysis
- ⌘ Linya para sa Payo ng Nars
- ⌘ Telehealth
- ⌘ Pampamilyang Therapy

Mga Benepisyo para sa Pang-iwas sa Sakit at Kagalingan

- ⌘ Programang Health in Motion™
- ⌘ Mga Programa ng Pamamahala sa Sakit
- ⌘ Mga Serbisyo sa Paghinto sa Paninigarilyo
- ⌘ Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya
- ⌘ Mga Serbisyo ng Manggagawang Pangkalusugan sa Komunidad

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali

- ⌘ Mga Serbisyong Outpatient para sa Kalusugan ng Pag-iisip
- ⌘ Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip para sa Outpatient at Inpatient
- ⌘ Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal para sa Outpatient / Screening sa Maling Pag-inom ng Alak
- ⌘ Boluntaryong Detoxification na Inpatient

Mga Serbisyo ng Ospital

- ⌘ Mga Serbisyo para sa Inpatient
- ⌘ Mga Serbisyo sa Operasyon
- ⌘ Pag-transplant ng Pangunahing Organ at Tisyu
- ⌘ Mga Serbisyo ng Anesthesiologist

Mga Pang-emergency na Serbisyo

- ⌘ Mga Serbisyo sa Emergency Room
- ⌘ Mga Serbisyo ng Ambulansya

Mga Benepisyo sa Botika

- ⌘ Mga Inireresetang Gamot (sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx: Medi-Calrx.dhcs.ca.gov)

Mga Serbisyo Para sa Rehabilitasyon at Habilidadasyon

- ⌘ Pisikal na Therapy
- ⌘ Occupational Therapy
- ⌘ Audiology
- ⌘ Therapy sa Pagsasalita
- ⌘ Mga Pagsusuri sa Pandinig
- ⌘ Matibay na Kagamitang Medikal
- ⌘ Acupuncture
- ⌘ Mga serbisyong Pangkalusugan sa Bahay
- ⌘ Mga Orthotic/Prosthesis
- ⌘ Mga Medikal na Supply, Kagamitan at Appliance
- ⌘ Pasilidad para sa May Kasanayang Pagkalinga (Hanggang 90 Araw)
- ⌘ Rehabilitasyon ng Baga

Iba Pang Serbisyo

- ⌘ Paningin/Optomety
- ⌘ Pangangalaga sa ngipin (sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental na pormal na kilala bilang Denti-Cal: dhcs.ca.gov/services)
- ⌘ Transportasyon
 - ⌘ Hindi Pang-emergency na Medikal na Transportasyon
 - Litter Van
 - Wheelchair Van
 - Ambulansya
 - ⌘ Hindi Medikal na Transportasyon
 - Pribado o pampublikong sasakyan para sa mga tao na walang ibang paraan para makarating sa appointment nila
- ⌘ Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta
 - ⌘ Mga Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (91+ Araw)
 - ⌘ Mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad
- ⌘ Mga Suporta sa Komunidad
- ⌘ Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga
- ⌘ Street Medicine

*Maaaring magbago ang mga benepisyo. Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa 1.888.839.9909 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday para sa higit pang impormasyon o pumunta sa lacare.org. Maaaring kailanganin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng pag-apruba para sa ilang benepisyo at serbisyo.

Panatilihing Malusog ang Iyong mga Mata **KASAMA ANG VSP VISION CARE**

Ginagawa naming pangunahing priyoridad ang kalusugan ng iyong mata. Bilang isang miyembro ng Vision Care, makakatanggap ka ng access sa pangangalaga mula sa mahuhusay na doktor sa mata, de-kalidad na eyewear tulad ng mga inireresetang lente at frame, at abot-kayang pangangalaga sa mata, para makakita ka nang malinaw at magawa mong mamuhay nang malusog.

MAHALAGA ANG MGA REGULAR NA PAGSUSURI SA MATA

Sa VSP®, makakakuha ka ng mahusay na pangangalaga mula sa doktor sa network ng VSP, kasama ang WellVision Exam® — isang pagsusuring idinisenyo para hanapin ang mga palatandaan ng mga kondisyon sa paningin at kalusugan tulad ng diabetes at mataas na presyon ng dugo.



MAY MGA TANONG?

Iyon lang! Kami na ang bahala sa iba — walang claim form na dapat kompletuhin kapag nagpatingin ka sa Kalahok na Provider ng VSP.

Bisitahin ang vsp.com o tumawag sa VSP sa **1.800.877.7195 (TTY 711)**, Lunes hanggang Sabado 6:00 AM hanggang 5:00 PM PST (sarado tuwing Linggo).

Paggamit ng Iyong VSP Ang Benepisyo ay Madali



Tingnan ang iyong saklaw

Suriin ang mga detalye ng iyong naka-personalize na saklaw at maghanap ng doktor sa network sa pamamagitan ng paggawa ng account sa vsp.com gamit ang iyong numero ng ID sa L.A. Care Health Plan (na matatagpuan sa iyong card).



Magpatingin sa isang doktor na nasa network

Mag-log in sa iyong account sa vsp.com para humanap ng Kalahok na Provider ng VSP para sa Medi-Cal na malapit sa iyo o tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng VSP sa **1.800.877.7195 (TTY 711)**, Lunes hanggang Sabado, 6:00 AM hanggang 5:00 PM PST (sarado tuwing Linggo).



Sa iyong appointment, sabihin mo sa kanila na may VSP ka sa pamamagitan ng L.A. Care Health Plan. Ipakita ang iyong L.A. Care Health Plan card sa iyong appointment.



Mga Karagdagang Paraan



PARA MAKAKUHA NG PANGANGALAGA

Kapag hindi mo maka-ugnayan ang iyong PCP, kumuha ng madaling access sa pangangalaga kasama ang aming mga kasosyo sa Teladoc at Minute Clinic.

PAANO

MAA-ACCESS ANG:



1

I-set up ang iyong account sa Teladoc.com. Kakailanganin mo ang numero ng iyong ID ng miyembro.

2

Humingi ng pagpapatingin sa pamamagitan ng Teladoc call center, site ng miyembro, o mobile app sa anumang oras.

3

Ma-access ang pangangalaga na kailangan kaagad sa pamamagitan ng telepono o video nang 24/7.



Karagdagang Impormasyon:
lacare.org/teladoc

PAANO

MAA-ACCESS ANG:



1

Gamitin ang online na direktoryo ng provider ng L.A. Care para maghanap ng Minute Clinic na malapit sa iyo.

2

Tingnan ang oras ng paghihintay at magplano para sa iyong pagbisita sa website ng Minute Clinic.

3

Kumuha ng pangangalaga sa site sa Minute Clinic. Kakailanganin mo ang iyong ID card ng Miyembro at form ng ID.



Karagdagang Impormasyon:
lacare.org/minuteclinic
May mga tanong?
Tawagan ang L.A. Care sa:
1.888.839.9909 (TTY 711)





Alamin ang Iyong



MGA OPSYON SA PAG-AALAGA

| Mga Uri ng Pangangalaga | Mga Halimbawa ng Sistomas at Serbisyo | Paano Maa-access | Mga Tinatayang Oras ng Paghihintay |
|--|---|---|--|
| <p>Nurse Advice Line Makipag-usap sa lisensyadong rehistradong nars nang 24/7.</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Payo sa pangangalaga ng sarili • Mga sagot sa mga tanong tungkol sa kalusugan • Pagpili kung saan makakakuha ng pangangalaga | <ul style="list-style-type: none"> • 1.800.249.3619 (TTY 711) | <ul style="list-style-type: none"> • Walang oras ng paghihintay |
| <p>Pangunahing Pangangalaga Tawagan muna ang iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga kapag kailangan mo ng pangangalaga.</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Pangangalagang Pang-iwas sa Sakit • Mga biglaan o panandaliang problema sa kalusugan • Mga pangmatagalang kondisyon o sakit tulad ng diabetes | <ul style="list-style-type: none"> • Tawagan ang iyong PCP gamit ang numero ng telepono sa iyong ID card ng miyembro. • Bisitahin ang Online na Direktoryo ng Provider ng L.A. Care sa lacare.org | <ul style="list-style-type: none"> • 10 araw ng trabaho o mas maikli • Ilang appointment sa parehong araw |
| <p>Virtual na Pangangalaga Ma-access ang mga serbisyo sa telehealth at makipag-usap sa isang doktor sa telepono o online.</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Sipon/trangkaso/lagnat • Mga pantal • Mga impeksyon (balat/mata/tainga/UTI) • Paghinga (pagkahingal/ubo) • Tiyan (pananakit/pagsusuka/pagdurumi) • Maliliit na pinsala | <ul style="list-style-type: none"> • Bisitahin ang Teladoc™ (Nangangailangan ng Pag-log in/Pagpaparehistro) sa member.teladoc.com/lacare • Teladoc™: 1.469.643.2161 | <ul style="list-style-type: none"> • Ilang minuto hanggang ilang oras |
| <p>Pang-emergency na Pangangalaga Pangangalaga sa emergency room para sa mga nakamamatay na kondisyon. Huwag gamitin ang ER para sa karaniwang pangangalaga o banayad na sakit.</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Pananakit ng dibdib • Mga biglaang pagbabago sa paningin • Kahinaan/problema sa pakikipag-usap • Mga kaisipang pananakit ang iyong sarili o anumang iba pang emergency sa kalusugan ng pag-iisip | <ul style="list-style-type: none"> • Tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room ng ospital | <ul style="list-style-type: none"> • Maaaring magkakaiba ang mga oras ng paghihintay, depende sa kalubhaan ng iyong kondisyon, dami ng mga pasyente, at mga available na silid ng paggamot. |



Para sa karagdagang impormasyon sa gastos at kung paano ma-access ang mga serbisyonang ito, bisitahin ang: lacare.org/members/getting-care o tumawag sa numero sa likod ng iyong ID Card ng Miyembro. Kung kailangan mo ng higit pang tulong, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

| Mga Uri ng Pangangalaga | Mga Halimbawa ng Sistomas at Serbisyo | Paano Maa-access | Mga Tinatayang Oras ng Paghihintay |
|---|--|---|--|
| <p>Agarang Pangangalaga</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga Nagtitinging Klinika Matatagpuan sa nagtitinging botika at may tauhang nurse practitioner • Sentro ng Agarang Pangangalaga Makatanggap ng pangangalaga sa parehong araw mula sa mga doktor, kahit pagkatapos ng oras ng trabaho at tuwing Sabado at Linggo. | <ul style="list-style-type: none"> • Sipon/trangkaso/lagnat • Mga pantal • Mga impeksyon (balat/mata/tainga/UTI) • Paghinga (pagkahingal/ubo) • Tiyan (pananakit/pagsusuka/pagdurumi) • Maliliit na pinsala | <ul style="list-style-type: none"> • Bisitahin ang lokasyon ng CVS MinuteClinic • Bisitahin ang Online na Direktoryo ng Provider ng L.A. Care para sa listahan ng mga nagtitinging klinika. • Bisitahin ang Online na Direktoryo ng Provider ng L.A. Care sa lacare.org • Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1.888.839.9909 (TTY 711) | <ul style="list-style-type: none"> • Ilang minuto hanggang ilang oras • Mag-iskedyul ng pagpapatingin at tingnan ang mga tinatayang oras ng paghihintay para sa walk-in online • Ilang minuto hanggang ilang oras |
| <p>Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali I-access ang mga provider ng kalusugan sa pag-uugali sa pamamagitan ng:</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Mga pakiramdam ng kawalan ng pag-asa o pagkalugmok • Hindi karaniwang galit, pagkabalisa, pagkamayamutin, at iba pang pagbabago sa mood • Mga pagbabago sa pagtulog, gana sa pagkain o antas ng sigla | | |
| <p>Carelton Behavioral Health</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Paunang pagtatasa sa kalusugan ng isip (hindi kailangan ng paunang pahintulot) • Therapy para sa indibidwal, grupo, o pamilya • Psychological at neuropsychological na eksaminasyon • Mga screening at maikling interbensyon • Pagsubaybay sa outpatient para sa drug therapy | <ul style="list-style-type: none"> • Carelon Behavioral Health: 1.877.344.2858 TTY/TTD 1.800.735.2929 | |
| <p>Departamento ng Kalusugan ng Isip ng LA County (DMH)</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Indibidwal na therapy • Mga pansuportang gamot • Pamamagitan sa krisis at pagpapapanatag • Pamamahala ng kaso na nakatuon sa partikular na grupo o indibidwal • Pang-araw na paggamot at pang-araw na rehab • Pantahanang paggamot • Acute psychiatric na pag-alaga sa kalusugan ng isip para sa inpatient | <ul style="list-style-type: none"> • DMH ACCESS and Substance Use Service Hotline: 1.800.854.7771 | <p>Hindi Agarang Pangangalaga:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Appointment sa Kalusugan sa Isip— 10 araw ng trabaho • Doktor na May Espesyalidad— 15 araw ng trabaho |
| <p>Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng LA County (DPH) Pag-iwas at Pagkontrol sa Pang-aabuso sa Kontroladong Kemikal (SAPC)</p> | <ul style="list-style-type: none"> • Paggamot sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal tulad ng mga serbisyonang pang-outpatient at pantahanan | <ul style="list-style-type: none"> • Substance Abuse Service Hotline: 1.844.804.7500 | |



Mapagkukunan AVAILABLE PARA SA IYO



Mga Resource Center ng Komunidad

Ang Mga Resource Center ng Komunidad (Community Resource Center, CRC) ng L.A. Care ay magkakasamang pinapatakbo ng Planong Pangkalusugan ng Blue Shield of California Promise at nag-aalok ng maraming libreng serbisyong may kaugnayan sa kalusugan at kagalingan at mapagkukunan na iniayon sa mga miyembro at sa komunidad.

Kabilang sa mga serbisyong inaalok ang:

- Libreng mga klase sa kalusugan at kagalingan para sa mga nasa hustong gulang at bata at mga klase para makatulong na pamahalaan ang mga hindi gumagaling na kondisyon
- Libreng WiFi para sa mga serbisyong telehealth
- Tulong sa pagpapatala sa CalFresh
- Suporta sa pagpapatala at pag-renew ng Medi-Cal
- Tulong sa mga serbisyong panlipunan
- Pag-uugnay at mga referral sa mga lokal na mapagkukunan sa komunidad
- Mga screening sa kalusugan, tulong sa pagkain at mga kaganapan sa komunidad sa buong taon

Maaari mong malaman ang tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng pag-sign up para sa oryentasyon ng bagong miyembro sa iyong lokal na CRC.

Dumalo sa oryentasyon ng bagong miyembro sa isang CRC at makakuha ng \$10 NA GIFT CARD

Pagkatapos ng oryentasyon, magagawa mong:

- Maunawaan ang iyong mga benepisyo
- Humiling ng isang ID card
- Piliin o baguhin ang iyong doktor
- Alamin kung paano mapupuno ang iyong mga reseta
- Maunawaan ang agarang pangangalagang pangkalusugan
- Maunawaan ang iyong mga karapatan at pananagutan

Pumunta sa communityresourcecenterla.org para sa lokasyon/mga address, mga numero ng telepono, oras ng operasyon at kalendaryo ng mga kaganapan ng CRC.

Maaari kang mag-iskedyul ng appointment sa pamamagitan ng pagbisita sa www.communityresourcecenterla.org at paggamit ng online na tool sa pag-iiskedyul o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.877.287.6290 (TTY 711)**.

LIBRE ANG LAHAT NG SERBISYO NG CRC AT BUKAS PARA SA IYO AT SA SINUMAN SA KOMUNIDAD.

Mga Serbisyo sa Edukasyon sa Kalusugan

Nag-aalok ang L.A. Care ng walang bayad na mga serbisyo sa kagalingan at pag-iwas sa sakit, mga programa at mapagkukunan tulad ng:

- Indibidwal na pagpapayo sa pamamagitan ng telepono sa mga rehistradong dietitian/tagapagturo ng kalusugan
- Mga appointment sa panggrupong kagalingan sa komunidad
- Mga online na workshop, paggana ng chat at mga video sa pamamagitan ng My Health in Motion™ at aming portal ng kalusugan at kagalingan
- Mga Serbisyong Edukasyon para sa Sariling Pamamahala ng Diabetes (DSME)
- Mga Pagkain Bilang Gamot (Meals As Medicine, MAM)
- Therapy na Nutrisyong Medikal (Medical Nutrition Therapy, MNT)
- Malusog na Pagbubuntis, Malusog na Ina at Mga Serbisyo sa Doula
- Hindi Paninigarilyo Pagtigil sa Tabako
- Pag-iwas sa Trangkaso at COVID at Pangangalaga
- Mga programang sumusuporta sa kondisyon para sa hika, COPD, diabetes, diabetes at sakit sa bato, mataas na panganib na pagbubuntis
- Madaling basahin ang mga materyales sa iba't ibang paksa at wika
- Health Education Audio Reference Library (HEAR)
- Nurse Advice Line **1.800.249.3619 (TTY 711)**

Para matuto ng higit pa tumawag sa **1.855.856.6943 (TTY 711)** Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM o pumunta sa lacare.org/healthy-living para sa mga materyales sa edukasyong pangkalusugan ng miyembro.

Mga Libreng Serbisyo ng Interpreter

- Mayroon kang karapatang kumuha ng interpreter kapag nakikipag-usap ka sa iyong doktor
- Nag-aalok ang L.A. Care ng mga libreng serbisyo ng interpreter, kasama ang American Sign Language
- Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter, maliban sa isang emergency
- Para humiling ng interpreter, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday, sa **1.888.839.9909 (TTY 711)** ng hindi bababa sa 10–15 araw bago ang iyong pagpapatingin

Mangyaring ihanda ang sumusunod naimpormasyon kapag tatawag ka:

- Ang iyong pangalan
- Ang iyong numero ng ID ng miyembro ng L.A. Care
- Petsa at oras ng iyong appointment
- Pangalan ng doktor
- Address at numero ng telepono ng doktor


Kung nagbago ang iyong appointment o nakansela ito, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa lalong madaling panahon.

WALA KANG BABAYARAN SA LAHAT NG SERBISYO SA EDUKASYON SA KALUSUGAN.



Para tingnan ang mga video ng tulong sa wika at matuto nang higit pa tungkol sa mga libreng serbisyo sa tulong sa wika, mangyaring bisitahin ang lacare.org/members/interpretation-translation.

Mga Karagdagang MAPAGKUKUNAN



Transportasyon

Kabilang sa iyong mga benepisyo ang pagkuha ng Hindi Medikal na transportasyon (NMT) at Hindi Pang-emergency na Medikal na transportasyon (NEMT) sa iyong mga medikal na appointment o kapag pumipili ng mga reseta at mga medical supply.

Para mag-iskedyul ng mga serbisyo ng NMT o NEMT, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng **L.A. sa 1.888.839.9909 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday, at piliin ang prompt ng 'transportasyon'.

Alamin ang tungkol sa CalFresh

Ang CalFresh ay pandagdag na programa sa tulong sa nutrisyon ng California na nagbibigay ng buwanang mga benepisyo sa pagkain para matulungan ang mga indibidwal at pamilyang mababa ang kita na makakuha ng masuntansyang pagkain.

Kung kwalipikado para sa CalFresh, maaari kang makatanggap ng buwanang benepisyo sa isang Electronic Benefit Transfer (EBT) card na maaaring magamit para bumili pagkain sa mga tindahan ng grocery at karamihan sa mga palengke ng mga magsasaka.

Ang pagiging karapat dapat para sa CalFresh ay batay sa ilang kadahilanan tulad ng ang iyong kita, laki ng sambahayan, mga kinakailangan sa trabaho at katayuan sa imigrasyon. Tinutukoy din ng mga salik na ito ang halaga ng perang natatanggap mo bawat buwan.

Sa pangkalahatan, para maging kwalipikado para sa CalFresh, kailangang ikaw ay:

- Isang residente ng California at
- Isang mamamayan ng US o kwalipikadong imigrante at
- Mayroong taunang kita ng sambahayan na mas mababa sa limitasyon ng kita na ipinapakita sa talahanayan

Mangyaring tandaan na ang aktwal na halaga ng benepisyo ay depende sa mga tiyak na sitwasyon ng bawat sambahayan.

Ibinigay ang talahanayan sa ibaba para sa pangkalahatang patnubay at mga layuning pang-impormasyon lamang. **Ang mga halagang ipinapakita ay epektibo para sa [10/1/24 – 9/30/25]*

| Laki ng Sambahayan | Laki ng Pamilya na may 1 | Laki ng Pamilya na may 2 | Laki ng Pamilya na may 3 | Laki ng Pamilya na may 4 | Laki ng Pamilya na may 5 | Laki ng Pamilya na may 6 | Laki ng Pamilya na may 7 |
|--------------------------------------|--------------------------|--------------------------|--------------------------|--------------------------|--------------------------|--------------------------|--------------------------|
| Limitasyon ng Kabuuang Buwanang Kita | \$2,510 | \$3,408 | \$4,304 | \$5,200 | \$6,098 | \$6,994 | \$7,890 |
| Maximum na Buwanang Benepisyo | \$292 | \$536 | \$768 | \$975 | \$1,158 | \$1,390 | \$1,536 |

Maaari Kang Mag-apply para sa CalFresh

Online sa:
[GetCalFresh.org](https://getcalfresh.org) benefitscal.com

Sa pamamagitan ng telepono — tawagan ang Linya ng Impormasyon ng CalFresh sa **1.877.847.3663**

Nang personal sa iyong lokal na Tanggapan ng DPSS
Nang personal at sa iyong lokal na CRC

- Ang tulong sa pagpapatala ng CalFresh ay inaalok sa aming mga CRC at ibinigay ng Pambansang Foundation ng Kalusugan (National Health Foundation, NHF).
- Tawagan ang iyong lokal na CRC para mag-iskedyul ng appointment sa isang Tagapagsulong ng Kalusugan ng NHF.

Simulan ang iyong karanasan sa mas mahusay na nutrisyon ngayon!

Para malaman ang karagdagang impormasyon sa CalFresh, bisitahin ang: dpss.lacounty.gov/en/food/calfresh.html

Medi-Cal Rx

Ang mga Benepisyo ng Parmasya ng Medi-Cal ay pinangangasiwaan sa pamamagitan ng sistema ng fee-for service na paghahatid ng serbisyo ng Medi-Cal Rx.

Bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa [Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home](https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home) o tumawag sa **1.800.977.2273 (TTY 800.977.2273 at pindutin ang 7 o 711)** para:

- Kumuha ng kopya ng Listahan ng Nakakontratang Gamot
- Maghanap ng listahan ng mga botika na gumagana sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Botika ng Medi-Cal Rx tulad ng CVS, Walgreens at Rite Aid

Link ng Komunidad

- Tinutulungan ng Link ng Komunidad ng L.A. Care ang mga miyembro na kumonekta sa mga ahensya ng komunidad para sa tulong sa pabahay, pagkain, mga bayarin, at marami pang iba.
- Bisitahin ang communitylink.lacare.org para maghanap ng mga libre o pinamurang serbisyo at sagutan ang Survey sa Mga Panlipunang Salik sa Kalusugan

Pag-uulat at Paglutas ng mga Problema

May karapatan kang magsampa ng reklamo (karaingan) kapag mayroong kang problema o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyo na iyong natatanggap mula sa L.A. Care o sa provider.

Para matuto pa tungkol sa prosesong ito, mangyaring sumangguni sa Kabanata 6 ng iyong handbook ng miyembro.



PAG-RENEW NG MEDI-CAL

Bawat 12 buwan, magsasagawa ang Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyong Pangkalusugan (Department of Public Social Services, DPSS) ng Los Angeles County ng pagsusuri sa iyong impormasyon para matukoy kung kwalipikado ka pa ring makatanggap ng mga benepisyo ng Medi-Cal at ire-renew nito ang iyong pagpapatala sa Medi-Cal sa susunod na taon.

Bagama't maaaring awtomatikong i-renew ang ilang miyembro, kailangang i-renew ng ilang benepisyaryo ng Medi-Cal ang kanilang pagiging kwalipikado sa Medi-Cal sa pamamagitan ng pagsusumite ng hiniling na impormasyon pabalik sa DPSS bawat taon, sa tamang oras, para panatilihin ang kanilang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan. Para matuto pa tungkol sa taunang proseso ng pag-renew ng Medi-Cal, mangyaring bisitahin ang lacare.org/Medi-Cal-renewals para sa mga kapaki-pakinabang na impormasyon at mapagkukunan.

Narito ang Ilang Mahahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng DPSS

Website ng BenefitsCal:
benefitscal.com

Ang **BenefitsCal** ay isang website para sa mga residente ng California para mag-apply at tingnan online ang mga benepisyo para sa mga aplikasyon sa CalWORKs, CalFresh, General Relief, at Medi-Cal

Mga Numero ng Telepono ng Sentro ng Solusyon para sa Customer (CSC) ng DPSS

- Walang Bayad** 866.613.3777
- Mga lokal na numero** 626.569.1399
310.258.7400
818.701.8200
- Mga oras ng operasyon** Available ang CSC para tulungan ka:
Lunes – Biyernes mula 7:30 AM – 6:30 PM

Hindi kasama ang mga holiday

Kung mayroon kang anumang tanong, o kailangan mo ng tulong sa pag-access sa iyong saklaw ng Medi-Cal, mangyaring tawagan ang DPSS sa **1.866.613.3777 (TTY) 1.800.660.4026**, pumunta sa benefitscal.com o bisitahin ang KeepMediCalCoverage.org para sa higit pang impormasyon.

Kumuha ng Tulong sa Pagkumpleto

ANG IYONG APLIKASYON SA PAGPAPATALA O PAG-RENEW NG MEDI-CAL

Ang lahat ng Resource Center ng Komunidad (Community Resource Center, CRC) ay nag-aalok ng personal na tulong sa pagpapatala at pag-renew ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng iyong aplikasyon sa Medi-Cal o sa pakete ng pag-renew, tumawag sa **1.877.287.6290 (TTY 711)** para mag-iskedyul ng appointment sa isang sertipikadong katulong sa aplikasyon. Bukas ang mga CRC ng L.A. Care para sa aming mga miyembro at sa pangkalahatang publiko.



| Lokasyon | Address | Telepono |
|--------------------|---|--------------|
| 1 East L.A. | 4801 Whittier Blvd. Los Angeles, CA 90022 | 213.438.5570 |
| 2 El Monte | 3570 Santa Anita Ave. El Monte, CA 91731 | 213.428.1495 |
| 3 Inglewood | 2864 W. Imperial Hwy. Inglewood, CA 90303 | 310.330.3130 |
| 4 Long Beach | 5599 Atlantic Ave. Long Beach, CA 90805 | 562.256.9810 |
| 5 Lincoln Heights* | 2426 N. Broadway Los Angeles, CA 90031 | 213.294.2840 |
| 6 Lynwood | 3200 East Imperial Hwy. Lynwood, CA 90262 | 310.661.3000 |
| 7 Metro L.A. | 1233 S. Western Ave. Los Angeles, CA 90006 | 213.428.1457 |
| 8 Norwalk | 11721 Rosecrans Ave. Norwalk, CA 90650 | 562.651.6060 |
| 9 Palmdale | 2072 E. Palmdale Blvd. Palmdale, CA 93550 | 213.438.5580 |
| 10 Panorama City | 7868 Van Nuys Blvd. Panorama City, CA 91402 | 213.438.5497 |
| 11 Pomona | 696 W. Holt Ave. Pomona, CA 91768 | 909.620.1661 |
| 12 South L.A. | 5710 Crenshaw Blvd. Los Angeles, CA 90043 | 213.428.1410 |
| 13 West L.A. | 11173 W. Pico Blvd. Los Angeles, CA 90064 | 310.231.3854 |
| 14 Wilmington | 911 North Avalon Blvd. Wilmington, CA 90744 | 213.428.1490 |

* Magbubukas sa 2025 Lincoln Heights Center.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan at Blue Cross of California ay mga independiyenteng entidad, na kinontrata sa L.A. Care Health Plan para magbigay ng mga serbisyo ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal sa Los Angeles County.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang independiyenteng licensee ng Blue Shield Association.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang CommunityResourceCenterLA.org o tumawag sa **1.877.287.6290 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 9 A.M hanggang 5 P.M.

I-scan ang QR code para makahanap ng sentrong malapit sa iyo.



PAANO MAA-ACCESS

Mga Materyales ng Miyembro ng
Medi-Cal ng L.A. Care Health Plan

Nagbibigay sa iyo ng impormasyon ang mga materyales ng miyembro ng L.A. Care Health Plan (L.A. Care) tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, mga saklaw na gamot at doktor na nasa network.

Madali lang tingnan o i-print ang mahahalagang materyales para sa miyembro tulad ng Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal, Direktoryo ng Provider, Pormularyo ng Gamot ng Parmasya (Medi-Cal Rx), at brochure ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager.

MAGHANAP SA

Lacare.org, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

Para suriin at i-print ang mahahalagang materyales ng miyembro na available sa elektronikong format, mangyaring bisitahin ang website ng L.A. Care sa pamamagitan ng mga sumusunod na link:

- Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal:

lacare.org/members/documents/Medi-Cal

- Direktoryo ng Provider:

lacare.org/members/documents/Medi-Cal

- Pormularyo ng Gamot sa Parmasya (sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx):

lacare.org/members/getting-care/pharmacy-services

- Brochure/Liham ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan:

lacare.org/members/getting-care/routine-exams



BISITAHIN ANG L.A. Care

Sa mga karaniwang oras ng negosyo

Bisitahin ang isa sa Mga Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield ng California para makakuha ng tulong sa pagkuha ng mga materyales ng miyembro, pag-access sa iyong mga bagong benepisyo ng Medi-Cal, o para masagot ang anumang tanong na maaaring mayroon ka.

TUMAWAG SA

1.888.839.9909 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday

Matutulungan ka ng tauhan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa anumang tanong na maaaring mayroon ka tungkol sa kung paano ma-access ang Handbook ng Miyembro, Direktoryo ng Provider at Pormularyo ng Gamot sa Parmasya (Medi-Cal Rx).

Para makuha ang impormasyong ito sa ibang wika o alternatibong format, tulad ng malaking titik, audio, o Braille, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**

24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

MAHALAGANG NUMERO at MANATILING KONEKTADO

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care
1.888.839.9909 (TTY 711)

- 24 na Oras na Nurse Advice Line ng L.A. Care
1.800.249.3619 (TTY 711)

- L.A. Care Compliance Helpline
1.800.400.4889

- Mga Resource Center ng Komunidad
ng L.A. Care/Blue Shield ng California
1.877.287.6290

- Medi-Cal Rx
1.800.977.2273 (TTY 1.800.977.2273)
at pindutin ang 5 o 711

- Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip
ng Los Angeles County
1.800.854.7771

- Pandagdag na Panlipunang Kita (Supplemental Social
Income, SSI) ng Social Security Administration
1.800.772.1213



Narito ang Ilang Paraan para Manatiling Konektado sa L.A. Care

- Bisitahin ang aming website
lacare.org

- Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro
1.888.839.9909 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw,
7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday

- Mag-log in sa L.A. Care Connect
members.lacare.org

- I-follow Kami sa Social Media

- Facebook
facebook.com/lacarehealth

- Instagram
instagram.com/lacarehealth

- Twitter
twitter.com/lacarehealth

- YouTube
youtube.com/user/lacarehealthplan

ABISO SA HINDI PANDIDISKRIMINA



Labag sa Batas ang Pandidiskrimina

Sumusunod ang L.A. Care Health Plan sa mga batas ng Estado at Pederal na Pamahalaan hinggil sa mga karapatang sibil. Ang L.A. Care Health Plan ay hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nakikitungo ng kakaiba sa kanila dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon. Nagbibigay ang L.A. Care Health Plan ng:

Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-ugnayan nang mas mabuti, gaya ng:

- Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
- Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang format (malaking titik, audio, na-aaccess na mga elektronikong format, iba pang format)

Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:

- Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika
- Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa L.A. Care Health Plan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.888.839.9909**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY 711**. Kapag hiniling, maaaring maging available sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malaking titik, audio cassette, o elektronikong anyo.

Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

L.A. Care Health Plan
Member Services Department
1200 West 7th St., Los Angeles, CA 90017
1.888.839.9909 TTY: 711

Paano Maghain ng Karaingan Hinggil sa Mga Karapatang Sibil

Kung naniniwala kang nabigo ang L.A. Care Health Plan na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Punong Opisyal ng Pagsunod ng L.A. Care Health Plan.

Maaari kang maghain ng karaingan hinggil sa mga karapatang sibil sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:



SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Makipag-ugnayan sa Punong Opisyal sa Pagsunod ng L.A. Care Health Plan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.888.839.9909**. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY 711**.



SA PAMAMAGITAN NG PAGSULAT

Sagutan ang form ng apela o sumulat at ipadala ito sa:

L.A. Care Health Plan
Chief Compliance Officer
1200 West 7th Street
Los Angeles, CA 90017



EMAIL
civilrightscoordinator@lacare.org



SA PERSONAL
Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o L.A. Care Health Plan at sabihing gusto mong maghain ng karaingan hinggil sa mga karapatang sibil.



SA ELEKTRONIKONG PARAAN
Bisitahin ang website ng L.A. Care Health Plan sa: lacare.org/members/member-support/file-grievance/grievance-form o magpadala ng email sa civilrightscoordinator@lacare.org.



Office of Civil Rights

— California Department of Health Care Services

Maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:



SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Tumawag sa **1.916.440.7370**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711** (Telecommunications Relay Service).



SA PAMAMAGITAN NG PAGSULAT

Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
Deputy Director,
Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413
Available ang mga form ng reklamo sa:
dhcs.ca.gov/pages/language_access.aspx.



SA ELEKTRONIKONG PARAAN

Magpadala ng email sa: civilrights@dhcs.ca.gov.

Office of Civil Rights

— U.S. Department of Health and Human Services

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:



SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Tumawag sa **1.800.368.1019**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1.800.537.7697**.



SA PAMAMAGITAN NG PAGSULAT

Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
Available ang mga form ng reklamo sa:
hhs.gov/ocr/office/file/index.html.



SA ELEKTRONIKONG PARAAN

Bisitahin ang Portal para sa Pagreklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa: ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf.



Tulong sa WIKA



English

ATTENTION: If you need help in your language call **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1.888.839.9909 (TTY 711)**. These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1.888.839.9909 (TTY 711)** وتتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ **1.888.839.9909 (TTY 711)** هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

Ուշադրություն: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկապարտ Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1.888.839.9909 (TTY 711)**: Կան նաև օժանդակ փոփոխություններ ծառայություններ հաշվանդամություններում և նեղրդ անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրաստիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1.888.839.9909 (TTY 711)**: Այդ ծառայություններն անվճար են:

ប្លាសត្តាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសាសម្រាប់សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1.888.839.9909 (TTY 711)** ។ ជំនួយ និង សេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរ ផ្លុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ព ក៏អាចបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទកម្មលេខ **1.888.839.9909 (TTY 711)** ។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese)

请注意: 如果您需要以您的母语提供帮助, 请致电 **1.888.839.9909 (TTY 711)**。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务, 例如文盲和需要较大字体阅读, 也是方便取用的。请致电 **1.888.839.9909 (TTY 711)**。这些服务都是免费的。

فارسی زبان به مطلب (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با تماس بگیرید. کمک‌ها و **1.888.839.9909 (TTY 711)** خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **1.888.839.9909 (TTY 711)** تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

ह िंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1.888.839.9909 (TTY 711)** पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1.888.839.9909 (TTY 711)** पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は **1.888.839.9909 (TTY 711)** へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1.888.839.9909 (TTY 711)** へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1.888.839.9909 (TTY 711)** 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1.888.839.9909 (TTY 711)** 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໂລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາຕີ **1.888.839.9909 (TTY 711)**. ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕເພີມໃຫຍ່ໃຫ້ໂທຫາຕີ **1.888.839.9909 (TTY 711)**. ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mein (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Liouh lorx jauvlouc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Panjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1.888.839.9909 (TTY 711)**। ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1.888.839.9909 (TTY 711)**। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Такие услуги предоставляются бесплатно.

Español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1.888.839.9909 (TTY 711)**. También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Estos servicios son gratuitos.

Tagalog (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.888.839.9909 (TTY 711)** นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.888.839.9909 (TTY 711)** ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1.888.839.9909 (TTY 711)**. Các dịch vụ này đều miễn phí.

